

## Paggawa ng kakanin (Omochitsuki)

日本の伝統行事 おもちつき



Inaanyayahan ang lahat na dumalo at makibahagi sa gaganaping ibentong paggawa ng kakaning malagkit sa ika-23 ng Disyembre (Linggo, pistang opisyal) mula alas diyos sa Kurokawa Seishonen Yagai Katsudou Senta (Kurokawa Youth Outdoor Activity)



May bayad na 400 yen para sa pagsali kapalit nito ang isang paketeng kakanin, kenchin soup at kasama na rin sa bayad ang insyurans.

Sa pagdarausan, mapapanood ang paggawa ng kakanin, Tayakad sa kawayan, turumpo at iba pang mga sinaunang laro ng Hapon sa Taiken Corner. Makakasali din sa paggawa ng mga palamuti sa bagong taon, dekorasyong gawa sa straw ropes at sari-saring orihinal na gawa sa kamay (craft) sa



Kosaku Corner, kenchin soup at inihaw na kamote naman sa Tabemono Corner. Kailangan ng reserbasyon para sa Taiken at Kosaku Corner. Magpalista sa mismong araw na ito.

Ang pagpunta sa Kurokawa Youth Activity Center ay: sumakay sa Odakyu Tamasen line at bumaba sa istasyon ng Kurokawa puedeng lakarin ng 3 minutos. Kailangan ang reserbasyon, magtanong at magpareserba sa: Kurokawa Youth Outdoor Activity Center 044-986-2511.

## American Football X Bowl

アメリカンフットボール X ボウル市民招待

Sa ika-17 ng Disyembre, gaganapin ang [American Football X Bowl] sa Tokyo Dome mula alas siyete ng gabi. Ang X Bowl ay labanan para sa pagpili ng Tsyampyon sa mga miyembro ng sosyedad (*Shakaijin*) na kasali sa American Football League. Ang magwawaging team sa labanang ito Sa labanang ito, ay makakasali sa gaganaping championship ng mga mag-aaral sa labanang: Nippon ichi wo tatakau [Rice Bowl] sa ika-3 ng Enero, 2008.



Magbibigay ng imbitasyon sa 5,000 kataong mga residente ng Kawasaki para sa Tokyo Dome X Bowl game. Para sa mga nais dumalo, magsadya sa araw na ito at magpalista sa gate 22. Sa iba pang katanungan, tumawag sa 044-200-2347.

# PAUNAWA


ハローワーク川崎移転の案内

Ang "Hello Work Kawasaki" ay lilipat sa bagong lokasyon mula ika-26 ng Nobyembre

Lugar: Kawasaki-ku Minami-cho 17-2

Telepono:044-244-8609 Fax:044-233-4343

Mapa papunta sa bagong Hello Work Kawasaki:



## Pagbabago sa pamamaraan ng Imigrasyon


新しい入国検査手続き

Mag-uumpisa na sa ika-23 ng Nobyembre ang bagong patakaran upang makapasok sa bansang Hapon. Ang lahat ng dayuhang nagnanais pumasok sa bansa ay obligadong magbigay ng tatak ng daliri (finger print) at larawan ng mukha sa Opisyal ng Imigrasyon bago ito bigyan ng pahintulot makapasok sa bansa. Ang sinumang tatangi sa obligasyong ito ay hindi pahihintulutang pumasok sa bansa.

Gayunpaman libreng pumasok ang mga Extraordinary permanent residents, 16 taong gulang pababa, Diplomats, Opisyaless, mga imbitado ng Gobyerno at mga nasa katungkulan ayon sa kinikilala ng batas.

May problema ka? Tawag na o magsadya sa:

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki



**Silid—Sanggunihan para sa mga Dayuhan**

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

〒211-0033 Kawasaki International Center

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/

■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~16:00 ng hapon